Republic of the Philippines
# Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

**Office of the Schools Division Superintendent**

**03 AGOSTO 2020**

Dibisyon MEMORANDUM
No. 274 , s. 2020

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020**

To : Pangalawang Tagapamanihala ng Dibisyon
Puno ng CID at SGOD
Superbisor ng Programang Pang-edukasyon
Superbisor ng Pampublikong Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya at Sekondarya

1. Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, ang taunang Buwan ng Wikang Pambansa ay ipagdiwang sa buong buwan ng Agosto na pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Ang Buwan ng Wikang Pambansa 2020 ay nakasentro sa halaga ng Filipino at mga katutubong wika bilang mabisang sandata sa pakikipagdigma laban sa pandemya. Bilang tugon, itinakda ang temang *"Wika ng Kasaysayan: Kasaysayan ng Wika."*

3. Inaasahan ang bawat sangay magkaroon ng isang buwang pagdiriwang upang maisakatuparan ang mga sumusunod na layunin:

a. hikayatin ang BAYANIHAN ng sambayanan upang maibsan ang patuloy na paglaganap ng pandemya sa pamamagitan ng pagbahagi ng mga impormasyon sa publiko na nasa katutubong wika
b. palaganapin ang kahalagahan ng mandato ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at mga katutubong wika sa bansa bilang pinakamabisang pamamaraan sa pagkakaroon ng pag-uunawaan ng sambayanan.

4. Ang isang buwang pagdiriwang ay hinati ng sumusunod na lingguhang tema:

| | |
|---|---|
| August 3-7: | Pagtangkilik sa Katutubong Wika bilang Pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya |
| August 10-14: | Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya |
| August 17-21: | Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya |
| August 24-28: | Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya |

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph
ISO Cert. No. AJA/PH909100102

4. Hinihikayat ng KWF at ng Dibisyon ang mga indibidwal, institusyon, at paaralang pampubliko at pampribado na magpatupad ng mga sumusonod na program ana angkop sa kanilang mga komunidad:

a. Paggawa at pagpapaskil ng tarpolin o islogan kaugnay ang tema o pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2020
b. Pagbuo ng mga infographics ng mga katutubong salitang may kaugnayan sa tema
c. Paggawa ng mga bidyong pang-adbokasiya hinggil sa mga katutubong wika ng bansa o wika ng kumonidad
d. Pagdaraos ng mga virtual na talakayan hinggil sa mga katangian ng ibat-ibang katutubong wika sa Filipinas at halaga ng mga ito sa gitna ng pandemya
e. Pagsaalang-alang pangwika para sa serbisyong frontline o programa sa pagsugpo ng pandemya
f. Pagwagayway ng watawat bilang hudyat sa pagbubukas ng Buwan ng Wika
g. Pagsusuot ng katutubong kasuotan tuwing Lunes bilang paggunita sa kalayaang nakamtan ng mga Pilipino gamit ang wika
h. Pagpapatibay ng mga patakarang pangwika para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika ng bayan o lalawigan
i. Paggawa at pagpapalaganap ng mga bidyo ukol sa alternatibong pamamaraan sa pag-aaral sa bagong normal gamit ang katutubong wika

5. Inaanyayahan din ang lahat na abangan ang online na pambungad na programa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2020 na gaganapin ngayong Agosto 6, 2020, ika-2 ng hapon. Ang link ay ibabahagi ngayong Agosto 5, 2020.

6. Inaasahan ang pagsumite ng isang naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa Martes, Setyembre 1, 2020 sa link na ito:
https://tinyurl.com/NaratibongUlatBuwanngWika2020

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

**JOSITA B. CARMEN, CESO V**
Tagapamanihala
Dibisyon ng Surigao del Sur

Reference:
Regional Memo No. 320, s. 2020

To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

CELEBRATION CURRICULUM FILIPINO

CTCCC//DM-MEMO PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020
276 /August 3, 2020

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph

## MGA AKTIBIDAD SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020

| Tema | Mga Aktibidad | Petsa | Kalahok |
|---|---|---|---|
| Pagtangkilik sa Katutubong Wika bilang Pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya<br><br>*(Unang Linggo)* | • Pambungad na programa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2020 | Agosto 6, 2020<br>2:00 ng hapon | • Mga Tagapamanihala ng Dibisyon<br>• Puno ng CID at SGOD<br>• Mga Superbisor ng Pampublikong Paaralan<br>• Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya at Sekondarya |
| | • Paggawa at pagpapaskil ng tarpolin o islogan kaugnay ang tema o pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2020 | Agosto 7, 2020 | |
| Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya<br><br>*(Pangalawang Linggo)* | • Pagsusuot ng katutubong kasuotan bilang paggunita sa kalayaang nakamtan ng mga Pilipino gamit ang wika | Agosto 10, 2020 | • Mga Tagapamanihala ng Dibisyon<br>• Puno ng CID at SGOD<br>• Mga Superbisor ng Pampublikong Paaralan<br>• Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya at Sekondarya |
| | • Pagsaalang-alang pangwika para sa serbisyong frontline o programa sa pagsugpo ng pandemya<br>*(Paligsahan sa bidyong pang-adbokasiya hinggil sa pagsugpo ng COVID-19 gamit ang katutubong wika ng bansa o wika ng kumonidad)* | Agosto 14, 2020 | • Mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Sekondarya<br><br>*(Isang kalahok bawat distrito)* |
| Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya<br><br>*(Pangatlong Linggo)* | • Paggawa at pagpapalaganap ng mga bidyo ukol sa alternatibong pamamaraan sa pag-aaral sa bagong normal gamit ang katutubong wika<br><br>*(Paligsahan sa bidyong ukol sa alternatibong pamamaraan sa pag-aaral sa bagong normal gamit ang katutubong wika ng bansa o wika ng komunidad)* | Agosto 21, 2020 | • Mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Sekondarya at Elementarya<br><br>*(Isang kalahok bawat distrito)* |

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *(Paligsahan sa paggawa ng poster tungkol sa tema)* | | • Mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Sekondarya at Elementarya<br>*(Isang kalahok bawat distrito)* |
| Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya<br>*(Pang-apat na Linggo)* | • *Paligsahan sa paggawa ng sanaysay* | Agosto 28, 2020 | • Mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Sekondarya<br>*(Isang kalahok bawat distrito)* |
| | • *Paligsahan sa paggawa ng tula* | | • Mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya<br>*(Isang kalahok bawat distrito)* |
| Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan | • *Pampinid na Palatuntunan* | Agosto 31, 2020 | • Mga Tagapamanihala ng Dibisyon<br>• Puno ng CID at SGOD<br>• Mga Superbisor ng Pampublikong Paaralan<br>• Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya at Sekondarya |
| | • Pagsumite ng naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang | Setyembre 1, 2020 | • Mga Superbisor ng Pampublikong Paaralan<br>• Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya at Sekondarya<br>*(Isang naratibong ulat bawat distrito)* |

- *Para sa dagdag na mga katanungan, maaring sumangguni at mag email kay carlostianchow.correos@deped.gov.ph o magmensahe sa 09094396319*